



Maraming mga kemikal sa bahay ang maaaring gamitin sa paggawa ng bomba.

Ang pinakamaliit na piraso ng impormasyon ay maaaring makatulong sa pagpigil sa isang nakamamatay na sitwasyon.

Maraming kemikal na ginagamit araw-araw ang nagamit na sa pag-atake ng mga terorista sa Bali, London at Mumbai.

Dito, marami na rin ang mga pag-aresto tungkol sa pinaghihinalaang mga teroristang nagtangkang bumili ng mga karaniwang kemikal upang gamitin sa paggawa ng bomba.

Tayong lahat ay may magagawa upang pigilang mangyari muli ito. Kung may napansin kayo na anumang hindi tama, pagkatiwalaan ninyo ang pakiramdam na iyon.

Tawagan ang National Security Hotline at sabihin sa may kasanayang mga opereytor ang inyong napansin at kung bakit ito ay kahina-hinala.

Ano ang mga kemikal?

Kasalukuyang may 96 na mga kemikal na nakapag-aalala.

Karamihan ng mga ito ay nasa tahanan tulad ng mga karaniwang pataba, mga kemikal sa pool at pampaputi.

Maaaring makuha ang buong listahan sa www.chemicalsecurity.gov.au

Ang mahalaga ay ang pag-ulat kaagad ang mga kahina-hinalang gawain sa National Security Hotline. Kung may duda kayo, iulat ito.

Mga halimbawa ng kahina-hinalang asal

Mahalagang pagkatiwalaan ninyo ang inyong nararamdaman. Kung may kahina-hinalang kilos, pinakamabuting tawagan ang Hotline. Maaari kayong hindi magpakilala.

Gustong malaman ng may kasanayang mga opereytor kung ano ang inyong napansin at kung bakit ito ay kahina-hinala.

Ang mga bagay na maaari ninyong bantayan ay:

- ▶ May taong nag-iimbak ng mga pang- pool na kemikal ngunit wala naman silang pool
- ▶ Isang basurahan na puno ng mga basyong lalagyan ng kemikal
- ▶ Mga amoy ng kemikal
- ▶ Kakaibang pag-aari, pag-iimbak, o pagtatapon ng kemikal
- ▶ Kahina-hinalang pag-aasal sa mga lugar na malapit sa imbakan ng mga kemikal.

Tandaan, ilan lamang ito sa mga halimbawa ng mga kahina-hinala. Laging pagkatiwalaan ang inyong mga pakiramdam. Kung may nararamdaman kayong hindi tama, tawagan ang Hotline at sabihin sa amin ang inyong mga pag-aalala. Maaaring ang inyong maliit na impormasyon ang makakabuo ng isang mahalagang larawan.



Australian Government

Tumulong na mapanatiling ligtas sa terorista ang Australya.

NATIONAL SECURITY HOTLINE

1800 1234 00

Siniseryoso ng may kasanayang mga opereytor ang bawat tawag. Maaari kayong hindi magpakilala.

www.chemicalsecurity.gov.au